ERICSSON

Proseso sa Awtodidad na Itigil ang Trabaho Para sa mga Supplier

Paglalarawan ng Proseso

©Ericsson AB 2023

1 Introduksyon

Mababasa sa dokumentong ito ang proseso ng Ericsson Stop Work Authority na para sa supplier kapag nagbibigay ito ng trabaho para sa isang kompanya ng Ericsson Group (mula dito ay tutukuying "**Ericsson**").

Hinihimok ng Ericsson ang mga empleyado ng mga supplier at ang iba pang tauhang may kaugnayan sa mga supplier (sa ibaba ay tutukuying mga "**Tauhan ng Supplier**") na itigil ang trabaho o kung hindi sila makikialam sa isang sitwasyon sa trabaho kapag nakita nilang sila o ang iba ay nanganganib na mamatay, mapinsala, o masaktan (sa ibaba ay tutukuying ng "**Stop Work Authority**"). Ang mga Tauhan ng Supplier ay hinihimok na kumilos maging aktibo sa paggawa sa kagustuhang maiwasan ang pagkamatay, pinsala, o sakit dahil sa mga naturang sitwasyon sa pamamagitan ng paggamit ng Stop Work Authority.

Bagaman may inilaang serye ng mga halimbawang pamantayan, ang desisyon na gamitin ang Stop Work Authority ay batay sa personal na mahusay na pagpapasiya, paghatol, paniniwala, at karanasan ng mga Tauhan ng Supplier.

Dapat agad na iulat ang mga kaso ng Stop Work Authority sa Pambuong-Daigidig na Kasangkapan sa Pagrereport ng Insidente sa Ericsson bilang "Problema" para makapagsagawa ng pag-analisa sa pinakaugat ng pangyayari at gumawa ng mga aksyon para maiwasan ito.

Ang dokumento ay nakabatay sa Ericsson Group Health, Patakaran sa Safety at Kapakanan, at Pamantayan ng Ericsson sa Pakikitungo sa mga Partner sa Negosyo.

Bilang paglilinaw, ang mga probisyon sa dokumentong ito ay pandagdag sa mga batas at regulasyon na dapat sundin para mas maging ligtas ang kapaligiran ng trabaho. Ang gayong mga batas at regulasyon ay laging dapat sundin kaysa sa dokumentong ito kung ang mga batas at regulasyon ay may mas mahigpit na mga patakaran para maging mas ligtas ang kapaligiran sa pagtatrabaho.

2 Proseso ng Stop Work Authority

HAKBANG 1 – Itigil ang trabaho:
Ang mga Tauhan ng Supplier ay tumitigil sa trabaho o nakikialam sa trabaho kapag nakita nila na sila o ang ibang (mga) tao ay nasa agaran at matinding panganib sa buhay o kalusugan.

HAKBANG 2 – Magsalita:
Ang mga Tauhan ng Supplier ay nagpapaalam sa Taong Namamahala sa Trabaho (Person In Charge of Work, PICW)/Team Lead at nakikibahagi sa mga talakayan at pagtukoy ng mga aksyon para masolusyunan ang isyu.

©Ericsson AB 2023

Kung ang isyu ay hindi malulutas kaagad sa site sa loob ng team o ng supplier, dapat itong ipaalam sa Ericsson Contact.

HAKBANG 3 – Tiyakin ang kaligtasan:
Ang panganib na nauugnay sa kaso ng Stop Work Authority ay dapat asikasuhin at lutasin malutas ng mga kinontak ayon sa Hakbang 2. Kung hindi nila maresolba ang isyu, dapat nila itong ipaabot sa management nila.

HAKBANG 4 – Simulan ang trabaho:
Pagkatapos ng paglutas ng isyu, ang mga Tauhan ng Supplier ay magsisimulang magtrabaho ayon sa angkop na mga pamantayan at patakaran sa kaligtasan. Roles and responsibilities

3 Mga tungkulin at responsibilidad

3.1 Mga kompanya ng supplier

Ang mga kompanya ng Supplier ay dapat:

- Magtaguyod ang kultura kung saan malayang magamit ang Stop Work Authority.
- Tiyaking malinaw na maipararating ang proseso ng Stop Work Authority sa lahat ng Tauhan ng Supplier bago sila magsimulang magtrabaho, kabilang ang pagpigil sa maling paggamit nito.
- Kilalanin at pahalagahan ang mga Tauhan ng Supplier na isagawa ang Stop Work Authority.
- Tiyakin na ang lahat ng mga kaso ng Stop Work Authority ay iniulat sa Pambuong-Daigidig na Kasangkapan sa Pagrereport ng Insidente sa Ericsson.
- Mag-atas ng isang tao bilang Taong Namamahala sa Trabaho (Person In Charge of Work, PICW) / Team Lead.

3.2 Taong Namamahala sa Trabaho (Person In Charge of Work, PICW) / Team Lead

Ang PICW / Team Lead ay dapat:

- Maging unang mag-aasikaso ng kaso ng Stop Work Authority.
- Mag-organisa ng talakayan para sa pagrerepaso ng sitwasyon, pagsusuri ng mga panganib, at pagsasagawa ng isang kasunduan sa mga pagkilos para gumaan ang sitwasyon.
- Sabihin ang kaso sa Ericsson Contact sa tamang panahon kung hindi malutas kaagad sa lugar.
- Ipaalam sa pinakamalapit na manager kung hindi agad nalutas ang kaso sa lugar.
- Kilalanin at pahalagahan ang mga Tauhan ng Supplier na nagsagawa ng Stop Work Authority.
- Dumalo sa pagsasanay para maging parehong may kakayahang at kamalayan sa panganib.

 ©Ericsson AB 2023

- Tiyakin na ang lahat ng kaso ng Stop Work Authority ay iniulat sa Pambuong-Daigidig na Kasangkapan sa Pagrereport ng Insidente sa Ericsson.
- Makipagtulungan sa mga pagsisiyasat at bigyan ang Ericsson ng sapat na impormasyon para sa pagsisiyasat at pag-iwas.

3.3 Ang mga Tauhan ng Supplier

Ang mga Tauhan ng Supplier ay hinihikayat na:

- Simulan agad ang Stop Work Authority kapag kailangan.
- Suportahan ang Stop Work Authority kapag sinimulan ng iba.
- Makibahagi sa pagsusuri ng sitwasyon at talakayan ng mga aksyon.
- Makipagtulungan sa pagpapatupad ng mga napagkasunduang aksyon.
- Dumalo sa pagsasanay para maging magkaroon ng kakayahan at kamalayan sa panganib.
- Ipaalam ang mga problema sa Ericsson Contact.

3.4 Aksyong pandisiplina o iba pang kaparusahan

Ang mga aksyong pandisiplina o iba pang kaparusahan (kabilang ang pananagutan o mga claim sa pinsala) ay hindi dapat gawin ng Supplier laban sa mga Tauhan ng Supplier na gamit ang kakayang magpasiya ay nagpatupad ng Stop Work Authority.

4 Mga Halimbawa ng Stop Work Authority

Ang mga halimbawa ng mga sitwasyon at kondisyon kung kailan maaaring gamitin ang Stop Work Authority ay makikita sa ibaba (hindi isang detalyadong listahan):

Hindi ligtas na mga kalagayan na may kaugnayan sa:

- Mga istruktura ng telekomunikasyon
- Problema sa tali at mekanikal na pang-angat ng mga materyales/kagamitan.
- Konstruksyon at mga sibil na trabaho
- Pagpasok sa kulob ba lugar
- Mga access sa site at kapaligiran, halimbawa, mga daanan, lugar na mahalaman kaya nakakahadlang sa ligtas na transportasyon ng kagamitan
- Mga sasakyan, kabilang ang mga dalawa ang gulong

Hindi ligtas na pag-uugali tulad ng mga sumusunod:

- Hindi sumusunod sa Nakakapagligtas-buhay na Tuntunin ng Ericsson
- Pagtatrabaho o pagmamaneho nang walang sapat na pahinga bago ito gawin
- Nagtatrabaho nang mag-isa sa mga aktibidad na pag-i-install ng may live na kuryente, magtrabaho sa mataas na lugar at sa masikip na lugar
- Pagtanggal ng mga tagubilin o proseso sa kaligtasan dahil sa gipit sa oras

©Ericsson AB 2023

Mga tuntuning nakapagliligtas-buhay

Pagmamaneho

Sundin ang itinakdang bilis sa pagmamaneho, at huwag gumamit ng handheld na telepono o device habang nagmamaneho

Pagbibiyahe

Laging magsuot ng seat belt kapag nagmamaneho o kapag pasahero ka ng sasakyan

Mga helmet

Laging magsuot ng helmet kapag nagmomotor o nagbibisikleta

Alkohol at droga

Huwag magtrabaho o magmaneho kapag nakainom o nakadroga, kasama na dito ang resetang gamot na nakakaapekto sa pagmamaneho

Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE)

Laging gumamit ng tamang PPE sa trabaho mo

Mga Drop zone

Huwag pumasok sa drop zone maliban kung awtorisado ka at nakasuot ng tamang PPE

Pagtatrabaho sa matataas na lugar

Laging gumamit ng fall-arrest system at bigyang-pansin ang kalagayan ng paligid

Kuryente

Laging tiyakin ang energy isolation bago magtrabaho. Kapag nagtratrabaho malapit sa kuryente, laging panatilihin ang ligtas na distansiya

Manatiling ligtas. Palagiing nasa mabuting kalagayan. Ericsson Care

©Ericsson AB 2023